

Sakit na Legionnaires'

Legionnaires' disease



Ano ang sakit na Legionnaires'?

Ang sakit na Legionnaires' ay isang pagkakaimpeksyon ng mga baga (pulmonya) na sanhi ng bakteryang *Legionella*. Mangyayari ang pagkakaimpeksyon kung malanghap ng tao itong mga bakterya. Ito ay kadalasang nagagamot ng mga antibiyotiko.

Ano ang mga sintomas?

Ang sakit na Legionnaires' ay nagsasanhi ng lagnat, panlalamig, ubo, at kahirapan sa paghinga. May mga tao ring magkakaroon ng kirot sa kalamnan, sakit sa ulo, pagkahapo, walang ganang kumain, at pagtatae. Ang mga sintomas ay lalabas hanggang sa sampung araw mula sa pagkalantad at maaaring hahantong sa mga malalang pagkakaimpeksyon ng dibdib katulad ng pulmonya. Karamihan sa mga tao ay gagaling mula sa sakit ngunit maaari ring nakamamatay.

Paano ito lalaganap?

Ang sakit na Legionnaires' ay mangyayari kung ang tao ay nakasagap sa paghinga ng mga malilit na patak o alikabok na kontaminado ng bakterya. May maraming uri ng bakteryang *Legionella*, ngunit ang pinakakilalang sanhi ng pagkakasakit sa NSW ay:

- ***Legionella pneumophila*** – nakatira sa mga torre ng pampalamig ng hangin (air-conditioning towers), whirlpool spa, trumpa ng shower at mga matubig na lugar
- ***Legionella longbeachae*** – Inakatira sa lupa o potting mix.

Maaari kang malantad sa bakteryang *Legionella* sa bahay, sa trabaho o sa mga pampublikong lugar. Ito ay hindi lumalaganap sa pagitan ng mga tao.

Sino ang nasa panganib?

Ang mga taong nasa gitnang gulang at mas matatanda, lalo na ang mga nagsisigarilyo o may talamak na sakit sa baga, ang nasa pinakamapanganib. Ang mga tao na may mababang naturalesa dahil sa kanser, may sakit sa bato, diyabetis o HIV ay mas nanganganib sa sakit.

Paano ito nadiyagnos?

Kung ikaw ay nadiyagnos na may pulmonya, sabihin sa iyong doktor kung ikaw ay nanggaling sa lugar na may pagsiklab **O** naghawak ng potting mix kamakailan lamang.

Ang mga pag-X-ray sa dibdib ay nakakatulong sa pagsuri sa pulmonya ngunit ang pagsuri sa sakit na Legionnaires' ay nangangailangan ng mga natatanging pagsusuri. Ang mga sampol ng ihi, dura at dugo ay makakatulong sa pagpatunay ng diyagnosis. Ang mga sampol ng dugo ay kailangang makuha tatlo hanggang anim na linggo ang pagitan upang masuri ang mga panglaban sa sakit (antibodies) na nasa dugo.

Paano malabanan ito?

Ang bakterya ng *Legionella pneumophila* ay lumalago sa mga maligamgam at matagal nang nakaimbak na tubig. Ang mga torre na bahagi ng pagpapalamig ng hangin sa mga malalaking gusali ay maaaring sanhi ng mga pagsiklab ng bakterya. Ang mga regular na inspeksyon, paglilinis at magandang pamamahala ng mga torrens pampalamig at mga sistema ng tuberyas (plumbing) ay naghihigpit sa pagdami ng bakterya.

Ang *Legionella longbeachae* ay karaniwang nasa lupa at potting mix. Bawasan ang pagkalantad sa alikabok ng potting mix sa pamamagitan ng pag-iwas sa alikabok, pagsuot ng maskarang N95 at pagsunod sa mga babala ng gumawa na nasa mga etiketa ng potting mix kung naghahardin.

Para sa karagdagang impormasyon

Bisitahin ang NSW Health's [Legionnaires disease control regulations](#) (Mga tuntunin sa pagkontrol sa sakit na Legionnaires) o tumawag sa iyong lokal na Public Health Unit sa Telepono **1300 066 055**.

Kung may mga pag-aalala ka sa kalusugan at kailangan mo ng suporta sa wika, tumawag sa TIS 131 450 at magpatulong sa Health Direct sa Telepono 1800 022 222.